

HICCUPS

By GlitteryRomantic of Wattpad

Sabi nila, kapag daw nagsinungaling ka, sisinukin ka daw?

At kapag daw binawi mo yung kasinungalingan mo at nagsabi ka ng totoo, mawawala daw?!

KAHIBANGAN!

Lahat ng tao sinisinok nuh! Yung classmate ko ngang mataba pagkatapos niya kumain ng gummy bears, sinisinok siya! Si kuya nga noong kinausap ko siya nung isang araw sinisinok! Ako nga kagabi bago ako matulog sininok ako!

In short, sabi-sabi lang yun! Natural lang kaya magsinok. Lahat ng tao maski baby na hindi pa marunong magsalita sinisinok! Ano yun, nagsisinungaling yung bata? Psh.

"Pamella Jade Martineeeeeeeez!" biglang sigaw ng kaibigan ko sa akin.

"Arielle naman eh.. Sakit mo sa tenga!" sagot ko kabang hinihimas ang kaliwang tenga ko.

"Hello gurl?! Kanina pa kita tinatawag! Ano, sasakay pa ba tayo ng jeep at aarangkada papuntang school o tutunganga ka na lang diyan?"

"Ah eh.. Oo nga pala.. Aish, tara na nga." at hinila ko na siya.

Nakarating na kami ng school. Ayun, diretso na kami ng room. Eh muntik na kaming malate, kagagawan ko eh.

Pero bago pa kami tuluyang makapasok ng room, nakita ko siya.

GASP

NAKITA KO SIYAAAAA! UWAAAAA! >///
<

Ampogi-pogi niya pa rin talaga. Walang kupas! Ang ganda ng ngiti, kaya maraming admirers eh! Isa na ako dun!

MAHAL KO NA NGA YATA E. </3

Pero may Vina na siya. Ayan oh, kasama niya nga ngayon palapit sa amin eh. Classmates kasi kami.

Lagi silang magkasama ni Vina. Bali-balita nga sa school, nag-ssleep over si Vina sa bahay nila. Nung summer, magkasama din sila. Tapos ngayon tuwing recess at lunch, sabay silang kumakain. Nakikiayon pa ang tadhana kasi naman magkapartner pa sila sa dalawang subjects! Argh.

Lamang na lamang na sa akin si Vina. Pero sabagay, eh hindi nga ako close diyan kay crush. Hindi nga ako kakausapin niyan kapag hindi importante eh.

Silang dalawa lang ang magkasama palagi.

DI PA BA SILA NAUUMAY SA PAGMUMUKHA NG NILA?!

Umupo na lang ako sa upuan ko. Maya maya..

"Uhm.. H-Hi.."

Kinakausap ako ng nasa likod ko. Che! Wala ako sa mood. Ayoko pansi--

Wait.. Si crush yung nasa likod ko ah?! Siya yun! It's his voice!

Wait.. Did he.. Did he.. Did he just say 'Hi' to me?!

Hindi ko pinansin. Baka mamaya hindi pala ako! Mapagsabihan pa akong feeler nang 'di oras eh! Okay nang marinig ko ang kanyang angelic voice. Magpapaka-chismosa na lang ako sa kanila ng kung sino man yang kinakausap niya.

"Hi Pamela.."

O__O

Could it be?! Could it be the way I see?!

AKO NGA! So sumagot ako! >///
<

"Hello? Is it me you're looking for? I can see it in your eyes, I can see it your smile.."

Waaaaaaaaahh!

ANO BA YUNG MGA PINAGSASABI KO?! Tangengots ka Pam! Tunge ka talagaaaa!

"Hahaha. Line yun sa kanta diba?" tanong niya.

"Ah.. Ha? Ah.. O-Oo.. Ano.. Uhm.. A-Ano palang k-kailangan mo, Orion?" >///
<

"Uhm.. May gagawin ka ba bukas? Ano.. Invite sana kita.." napahawak siya sa batok niya.

"S-saan?"

"Sa birthday ko bukas.. Sa bahay namin ang venue.. 7pm.."

"Sure. Pupunta ako. ^_^"

Nagsmile ako sa kanya. NAGSMILE DIN SIYA!

Kinabukasan..

Light blue dress, light blue sandals, white belt and white hair pin. Feeling ko ampangit ko pa din sa suot ko. Okay lang kaya 'to kay Orion? Mapapansin kaya niya ako? Ano kaya suot ng ibang guests? Baka ako lang yung mukhang pipitchugin dun?

AMPANGIT KO TALAGA.

hik

Aish! sinisinok ako! *hik* Argh..

Invited din pala si Arielle sa birthday. Wait, buong class pala invited! *hik* Ibig sabihin hindi ako ma-o-OP sa mga guests na di ko knows. Yaman tala-- *hik* --ga ni Orion!

Maya maya.. Andito na ako sa venue. Nawala na yung hiccups ko. ^__^

Nagsalita na yung host, which is yung Ate ni Orion, si ate Oreo. May kapatid pa silang bunsong babae, si Orika.

SILA NA WIERD ANG PANGALAN! Si Tito Ornaldo at Tita Orlenda talaga oh.

"And now.. Wag na nating patagalin pa.. The prince of the night.. Orion!"

Nagspeech lang si Orion, nagpasalamat, and enjoy the night daw. Tapos sayawan na. Una, dance for all.

Ang saya nga eh! Hard rock kami ni Arielle! Hahaha! Tapos tawa lang kami nang tawa. Kasama namin sina Alicia, ang kambal kong kaklase na sina Jewel at Joel, si Richard, si Rey. Ang dami namin! Kumpol kami tapos yung steps namin parang timang lang!

PWEDE BA YUNG SUMAWAY NG HARD ROCK PERO ANG STEPS EH PANG-EXERCISE?!

Ulul! Hahaha! To think na naka-dress at polo pa kami?! Ang saya talaga! May counting pa yung steps namin!

Maya maya.. Yung music naging soft at sweet.. Lahat sila nagsi-upuan tapos nagumpisang sumayaw yung mga couples sa gitna.

NAKAKA-OP. >.<

Si Arielle? Ayun. Sinayaw ng suitor niyang si Joel. Eh di sila na sweet! Pumunta na ako sa table namin. Uupo na sana ako, pero lumapit sa akin si birthday boy. Kaya kinuha ko na yung gift ko sa kanya sa bag ko.

"Uhm, happy birthday. Eto oh, regalo ko sa'yo. P-pasensya na, m-maliit lang siya.."

Kwintas lang kasi yun. Simpleng simpleng kwintas na may sabit na cross. Mahilig kasi siya sa mga ganun, napansin ko.

"Pwede ko na bang buksan?"

"Oo naman!"

Binuksan niya at tinitigang mabuti yung kwintas. Halaaaaa, sana magustuhan niya. >.< Tapos biglang.. sinuot na niya?!

"Ang ganda.. Salamat ha?"

"T-talaga?? W-Wala yun.. Buti n-nagustuhan mo.."

"*Syempre, galing sayo eh.*" Hindi ko gaanong narinig yung sinabi niya, mahina eh.

"Ano nga ulit yun?"

"Ah.. W-wala.. Uhm.. Ano.. Pamela.. Pwede ba kitang.. i-isayaw?"

Teka..

Loading..

20%..

45%..

60%..

88%..

99%..

100%..

Loading complete.

"Pwede ba kitang isayaw?"

"Pwede ba kitang isayaw?"

"Pwede ba kitang isayaw?"

"Pwede ba kitang isayaw?"

Paulit-ulit sa isip ko! Waa! Mababaliw na yata ako! PWEDE HUMINGA MUNA?!

Inilahad na niya ang kamay niya. Waaaa! Para kaming nasa fairy tale. Prince ko talaga siya. Eh di syempre kunwari princess na din ako, tinanggap ko!

Pumunta na kami sa pinakagitna. Tapos ang timutugtog.. THE GIFT.

Habang sumasayaw kami.. Hindi ko mapigilang isipin kung bakit ako ang sinayaw niya.

"Orion.."

"Hmm?"

"Bakit.. Bakit ako ang sinayaw mo? :(" halatang natigilan siya. Ah, wrong question.

"Gusto mong malaman?"

"Anubeey Orion, kaya nga kita tinanong eh.." bigla siyang.. TUMAWA?! Isa't kalahating wengweng ba siya? Tumatawa bigla? Wengweng ang mahal ko.

NO! HINDI, HINDI. HINDI KO SIYA MAHAL NOH!

hik

Sabi nila, kapag daw nagsinungaling ka, sisinukin ka daw?

Ang hirap kasi i-admit eh. Kasi hindi niya naman yun masusuklian.. :(Kahit na mahal ko siya, habambuhay niyang hindi malalaman..

NAWALA SINOK KO?! NALOLOKA NA AKO AH!

"Sinayaw kita, kasi pangit ka.."

O___O!!!

"Ampangit pangit mo ngayong *hik* gabi.. Tingnan mo yang damit mo, hindi *hik* bagay.. Sinayaw na kita kasi baka walang mag-- *hik* --sayaw sayo. Baka mamisinterpret mo ha? Baka isipin mo *hik* sinayaw kita dahil may gusto ako sa-- *hik* --yo.."

O___O

T___T

"Ah.. O-okay.."

Kumalas na ako sa kanya.. Shit.. Ang sakit.. Ang sakit sakit.. </3 Naiiyak na ako..

Pero bago pa niya ako tuluyang mabitawan, hinila niya ako ulit at binalik niya ang mga kamay ko sa leeg niya habang sinisinok pa rin.

"Pamella.. Alam mo bang *hik* kapag sinisinok ang isang tao, ibig sabihin nun, nagsisinungaling *hik* siya?"

O___O "H-haa?"

"At kapag binawi niya ang sinabi niya mawawala ang *hik* sinok."

"Huh??"

"Tss. Silly girl. You are beautiful tonight. Lagi naman e. Kahit anong isuot mo, bagay na bagay sayo. Ang ganda ganda mo pa rin.. Ikaw talaga.."

Hindi ko siya maintindihan. Tinignan ko siya at namumula siya. Napahawak siya sa batok niya at tumingin sa ibang direksyon.

NAHIHIYA BA SIYA? :/

AY MALAMANG-LAMANG LANG PAMELLA! OBYUS BA?!

"Ano kasi.. Pam.. Sinayaw kita kasi.. Kasi.. Aish pano ba 'to.."

"Teka nga Orion.. Naguguluhan ako."

"Ang slow mo! Tsk. Sinayaw kita kasi baka maunahan ako!"

O_____O

Loading..

20%..

45%..

60%..

Cancel cancel.. GETS KO NA.

"So anong ibig mong sabihin?" tanong ko. Tinignan niya ako sa mata..

"Pamella.. Mahal kita.M-Matagal na. Kaso.. Kaso.. Hindi mo kasi ako napapansin noon.. Kaya.. Hindi ko masabi-sabi sayo.."

"..."

"..."

"..."

"Ikaw ba? Mahal mo din ba ako?"

"Hindi. HINDI KITA MAHAL. AYOKO SA'YO. PANGIT KA. Diba may Vina ka na? *hik*"

At nagtawanan na lang kami doon. >///
<

"Si Vina? Seryoso, Pamella? Best friend ko yun! Kababata. ^_^"

Napag-alaman ko din na sininok lang pala yung classmate kong mataba dati kasi sabi niya wala na siyang gummy bears, pero ang totoo meron pa. Madami pa! Ayaw lang magbigay. Sugapa! Tapos sininok pala yung kuya ko noon kasi sabi niya wala siyang date yun pala meron. ^___^ Tapos nung isang gabing sininok ako, yun yung sinabi ko sa sarili kong..

HINDI KO MAHAL SI ORION.

- E n d -